

# IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

## Naging pinakamataas ang PMI sa loob ng walong buwan dahil sa pagdami ng mga bagong order

### Key findings

Bumaba nang kaunti ang output noong Nobyembre

Naging pinakamabilis ang pagdami ng mga bagong order sa loob ng walong buwan

Patuloy na lumakas ang mga inflationary pressure

Ang data ng Nobyembre 2021 ay nakolekta noong 12-23 Nobyembre 2021.

Patuloy na gumanda ang mga kundisyon ng pagnenegosyo sa manufacturing sector ng Pilipinas noong Nobyembre. Lumaki ang demand sa unang pagkakataon sa loob ng walong buwan, samantala ay halos naging stable ang output. Dahil sa sunod-sunod na pagbabawas ng mga paghihigpit sa COVID-19, dumami ang mga tao sa labas at lumaki ang client demand. Gayunpaman, patuloy na naranasan ng mga kumpanya ang mga pandaigdigang kakulangan sa materyales dahil sa mga pagkaantala ng delivery at matataas na cost pressure na nakadagdag din sa hirap sa produksyon. Gayunpaman, ang pag-asa ng panunumbalik sa normalidad at mas matataas na sales ay nag-udyok sa mga kumpanyang palakihin ang kanilang inaasahang output para sa susunod na taon na naging pinakamataas sa loob ng 21 buwan.

Tumaas nang kaunti ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® patungong 51.7 noong Nobyembre, mula 51.0 noong Oktubre, na mas mataas sa 50.0 no-change threshold na naghiiwalay sa expansion at contraction. Bagama't kaunti lang ito, ang kamakailang pagtaas na ito ay naging pinakamataas sa loob ng walong buwan, at alinsunod ito sa long-run series average.

Ang pagdami ng mga bagong order na natanggap ng mga Filipino manufacturer ay naging malaking salik sa pagtaas na ito, kung saan dumami ang bagong sales sa unang pagkakataon simula noong Marso. Ang mas malaking bilang ng mga kliyente, mas maraming footfall, at pangkalahatang pagtaas ng customer demand ay naging mga pangunahing driver ng pag-unlad, ayon sa mga panelista. Gayunpaman, naging mabagal ang pag-unlad sa konteksto ng kasaysayan ng series.


Gayundin, nagtala ang mga manufacturer ng ikawalong buwang pagbaba ng produksyon, bagama't bahagya lang ito. Bagama't nakatulong ang mas mataas na sales sa ilang negosyo na mapalaki ang output nila, ang iba ay nagbanggit ng mga pagkaantala sa pagtanggap ng mga input, gayundin ang mga kakulangan sa materyales sa tauhan at kulang na kapasidad.

Ang mga isyu sa trapiko, paninikip sa daungan at kahirapan sa pagkuha ng mga materyales ay nakaimpluwensya sa muling paghina ng vendor performance noong Nobyembre. Kapansin-pansin ang paghaba ng mga lead time, pero umayos ito nang kaunti noong buwang iyon.

Samantala, patuloy na bumaba ang bilang ng mga tauhan, bagama't hindi masyado at naging pinakamagal ito sa loob ng apat na buwan. Madalas na binanggit ng mga respondent na ang mga boluntaryong pagbibitiw ay nagdulot ng pagbaba, pero inulad din ng mga kumpanya na naging mahirap kumuha ng mga papalit sa kanila na bihasa. Gayunpaman, mabilis na bumaba ang mga backlog ng trababo, at naging mas mabilis ang pagbaba nito. Ayon sa anecdotal

*ipinagpatuloy...*

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Patuloy na naghudyat ang pinakabagong PMI data ng pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo sa Pilipinas kung saan naging pinakamataas ang headline figure sa loob ng walong buwan. Sumuporta rito ang pagdami ng mga bagong order, na naging unang pagtaas simula sa katapusan ng unang quarter ng taon. Samantala, bumaba ang output nang pinakamabagal sa loob ng walong buwan at naging medyo malapit ito sa pagiging stable noong Nobyembre.

"Ang stockpiling at mga pagsusumikap na pataas ang produksyon ay naging mahalagang tema sa pinakabagong release, pero ang mga supply-side na isyu at kawalan ng availability ng mga raw material ay nakaapekto sa produksyon. Ang mga boluntaryong pagbibitiw ay naging alalahanin dito dahil patuloy na nabawasan ang mga tauhan sa nakaraang isa't kalahating taon. Gayunpaman, napanatili ng mga kumpanya na mababa ang mga backlog, na nagsasaad na natutugunan ng mga kumpanya ang mga kakulangan sa lakas-paggawa sa ngayon.

"Pagdating naman sa COVID-19, ang mababa ng vaccination rate ay nanatiling isa sa pinakamalalaking banta sa sektor. Gayunpaman, ang pamahalaan ng Pilipinas ay nanatiling naninindigan sa pagbabakuna ng populasyon bago ang katapusan ng 2022."

na ebidensya, sinabi ng mga kumpanya nasabayan nila ang demand dahil nagtrabaho nang overtime ang mga empleyado para makumpleto ang mga kasalukuyang order.

Dahil dumami nang kaunti ang mga bagong order noong Nobyembre, pinaigting ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad sa pamimili para sa ikalawang buwang sunod-sunod. Ang mga ekspektasyong patuloy na tataas ang demand ay nakahikayat sa mga kumpanyang dagdagan ang kanilang mga input stock level, na ginawa nilang pinakamabilis simula noong Pebrero.

Pagdating sa presyo, lumaki ang mga presyo ng input noong pangalawang panghuling buwan ng taon, at umabot na sa 19 buwan ang kasalukuyang yugto ng inflation. Naging pinakamabilis ang pagtaas nito mula pa noong Marso 2018 at naging pinakamabilis ito sa loob ng halos anim na taon ng pangongolekta ng data. Ang mga komento sa panel ay madalas na naiugnay sa labis na pagtaas ng presyo ng raw material, transportasyon at enerhiya. Tumaas din ang mga singil sa pagbenta, at naging pinakamabilis ito dahil sinubukan ng mga kumpanyang ipasa ang mas mataas na gastos.


Pagdating sa hinaharap, nanatiling may kumpiyansa ang mga kumpanyang tataas ang output sa susunod na taon. Sa katunayan, naging pinakamataas ang optimism sa loob ng 21 buwan dahil sa pag-asa ng panunumbalik sa normalidad at mas mataas na demand sa likod ng outlook na ito. Gayunpaman, bagama't mas mataas kaysa sa average ang sentimiyento sa para sa 2021, mas mababa ito kumpara sa long-run series average na nagsasaad na nananatili pa rin ang mga alalahanin hinggil sa pandemya.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr, 3mma



Sources: IHS Markit, CSO.

## Makipag-ugnayan

Shreeya Patel  
Economist  
IHS Markit  
T: +44 134 432 8196  
[shreeya.patel1@ihsmarkit.com](mailto:shreeya.patel1@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
T: +44 207 260 2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

### Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabay.

Ang data ng Nobyembre 2021 ay nakolekta noong 12-23 Nobyembre 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakatbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [katerine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katerine.smith@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.